


# 学校・家庭でタブレットを活用しよう！
# Gamitin ang inyong tablet sa paaralan at sa bahay!（夕）

September 2021
Komaki City Board
of Education

## ～Resulta sa ginawang trials at Schedule para sa hinaharap～

**Kami ay nagpapasalamat sa inyong kooperasyon**

Noong 1st. Semester ay isinagawa ang verification connection ng mga tablet na iniuwi sa bahay kung ito ay mai co-connect sa internet.

Sa pagkakataong ito ay nais naming masagot ang kadalasang katanungan ng mga Magulang at kasabay din nito ay nais naming ipaalam sa inyo ang resulta sa ginawang verification at mga susunod pang plano sa hinaharap.



Ano ba ang layunin ng Komaki City ICT

**Mga kabataan sa makabagong panahon**
**～Palawakin ang kakayahan ng mga bata sa papamigitan ng ＩＣＴ～**

1. Kakayahang makalikom ng impormasyon.
2. Kakayahang makapagbasa at umunawa ng mga impormasyon.
3. Kakayahang makapag-isip para maging logical at creative.
4. Kakayahang tuklasin at lutasin ang problema, at lumikha ng makabagong kakayanan.
5. Makapag-isip para sa mas magandang lipunan , paraan kung paano mamumuhay, at magkaroon ng kakayahang i- apply ang mga natutunan

## Bakit kailangang iuwi ang Tablet sa bahay ?

Magagamit ito sa panahon ng emergency tulad sa panahon na pansamantalang walang pasok ang paaralan.（Garantisadong makapag-aral）
At sa kabilang banda, sinasabi din na sa hinaharap ang internet at paggamit ng mga digital devices tulad ng tablet ay magiging pangkaraniwan na sa ating lipunan upang magamit sa pamumuhay at sa trabaho. At base sa global survey (PISA2018) ang Japan ang may pinakamababang ICT utilization rate sa loob ng paaralan kung ito ay ikukumpara sa ibang mga bansa at sinasabi din na mayroong problema sa kakayahang umunawa sa pag o-operate ng computer upang makalikom ng impormasyon, pag-o-organize at pag- a-analyze. Gayundin, sinasabi na kahit sa labas ng paaralan ang mga digital devices ay ginagamit lamang ng mga kabataan sa Japan bilang kanilang laruan na ginagamit tulad sa game chat, kung kaya`t sinisikap ng gobyerno na paunlarin ang ICT environment sa mga paaralan.





Sa lipunan kung saan ay malawak na ginagamit ang ICT,upang makasanayang magamit ito ng mga kabataan ay hindi lamang sa pag-aaral ito dapat gamitin, kinakailangan ding gamitin ang ICT sa paaralan at pang-araw araw na pamumuhay upang mapalawak ang aralin na magdurugtong sa mas malalim na kaalaman.

**Kung pangkaraniwang gagamitin ang tablet**

Maaaring ipagpatuloy ang pinag-aaralan at ang advance learning at pag re-review ay maaaring gawin sa nais na oras.

Maaaring makita ang mga isinulat na notes at balikan ang pinag-aralan sa paaralan




Maaaring makita o mapakinggan ang digital contents ng libro

**★POINT**
Upang panatag at ligtas sa paggamit ng tablet ay napakahalagang ituro ang moral information. Hinihiling sa bawat tahanan ang inyong kooperasyon（Tingnan ang nakasulat sa likod）

## Resulta sa ginawang trials noong ipinuwi ang Tablet（1st. Semester）

Lubos kaming nagpapasalamat sa inyong kooperasyon sa ginawang verification. Ang resulta sa trials ng tablet noong ito ay ipinauwi at internet connection test noong 1st. Semester ay kagaya ng mga sumusunod.
At bilang karagdagan sa rule sa pag-uwi ng tablet, kami ay magbibigay ng advance guidance upang ma-operate ng maayos ang tablet at software nito sa bahay.

**Percentage ng Mag-aaral na may internet connection sa bahay**
99.0%

**Percentage ng Mag-aaral na nakapag connect sa internet**
98.3%

**Percentage ng Mag-aaral na nakapag pasa ng assignments sa ロイロノート**
93.5%

## Schedules sa Pag-uwi ng Tablet

Base sa kalagayan ng infection sa kasalukuyan ng COVID-19 at kung sakaling magkaroon ng biglaang pansamantalang walang pasok ng mga paaralan, ang tablet ay ipapauwi ng buong paaralan sa bahay at agad itong ipapagamit para sa home learning.

- Simula 2nd. Semester ang tablet ay ipapauwi sa mga Mag-aaral **ng Grade 4 pataas nang higit sa 1 beses sa isang buwan**.
- Iuuwi naman ng mga **Mag-aaral ng Grade 1～3** ang tablet sa kalagitnaan ng September upang magsagawa ng Internet connection test. （Maliban lamang sa mga paaralan na tapos nang magsagawa）
- Ipinapakiusap ang kooperasyon sa bawat tahanan na i-connect ito sa internet at i-charge din sa oras ng ito ay iuwi.

Gagawin simula sa September

**■Grade 4～3rd. Year Jr. High School**


**Ipapauwi ng higit sa 1 beses sa isang buwan.**

**■Grade 1～3**

**Ipapauwi ang tablet at magsasagawa ng internet connection test.**

## Upang magamit ng mas maayos ang Tablet

- Sa hinaharap,ang mga aralin ay isusulong sa pamamagitan ng paggamit ng data cloud.
- Ituturo sa paaralan ang tamang paggamit ng tablet at internet gayundin ang tungkol sa moral information.
- Hinihiling ang kooperasyon ng bawat tahanan na pag-usapan sa bahay kasama ng inyong anak ang tungkol sa paggawa ng (Home rule) kung papaano gamitin ng tama ang tablet na mula sa paaralan at smartphones sa inyong bahay.




Source：（Cabinet Office）4 na mahalagang bagay na dapat malaman ng Magulang tungkol sa tamang paggamit ng internet & smartphones

| | | |
|---|---|---|
| **①Magtalaga ng oras at lugar kung saan gagamitin ang tablet (ex: Hindi maaaring gamitin simula ◯ ng gabi** | **②Huwag i-upload ang mga pictures o videos sa internet at ipadala sa ibang tao.** | **③Huwag ituturo ang mga personal info tulad ng pangalan, address, tel. no. at pictures at huwag magsusulat sa SNS.** |
| **④Magtalaga ng digital device at internet application na maaaring gamitin.** | **⑤Huwag magsusulat sa SNS ng mga hindi magagandang salita na makakasakit sa ibang tao.** | **⑥Huwag sarilinin kung may alalahanin o may problema, kumunsulta agad sa kapamilya o teacher.** |

## Q & A Para sa mga Magulang

**Q　Maaari bang iuwi ang tablet sa panahon ng mahabang bakasyon？**

A　Ang tablet ay isang learning tool. Kung ito ay gagamitin para sa pag-aaral sa bahay ay maaari itong iuwi.

**Q　Maaari bang dikitan ng protector film o blue light cut film ang screen ng tablet?**

A　Maaari itong dikitan kung ang gagamiting film ay hindi matitira pag inalis ito.

**Q　Maaari bang magpadala ng bag para sa lalagyan ng tablet?**

A　Kalimitan ang tablet ay inilalagay sa loob ng bag na (landoseru) kung gagamit ng ibang bag, sikapin na ito ay shock resistant at water resistant upang maiwas na ito ay masira at mabasa.

**Q　Lumalabas sa screen na ang Wi-Fi sa bahay ay 「Insecure security」Maaari bang gamitin ito? (iPad)**

A　Lumalabas ito kung ang authentication setting ng Wi-Fi ay matagal na. I-search ang Wi-Fi manufacturer o model no. at baguhin ang security level setting.

**Q　Maaari bang magpadala ng touch pen dahil hirap sa pag operate gamit ang daliri?**

A　Maaaring gumamit ng touch pen depende sa grade level at nilalaman ng aralin. Ipadala lamang ang touche pen kung ipinapadala ito ng paaralan. (Subalit huwag magpadala ng mamahaling bagay)

**Q　Lumalabas ang Software update at OS. Maaari bang i-update ito sa bahay?**

A　Maaari po.